# 『Mga maaring gawin ng magulang ng mga mag-aaral sa elementarya para sa edukasyon』


Dayuhang bata・Support Group
http://kodomosupport.jimdo.com/
田　所　希衣子（Tadokoro Kiiko）
tadokoro12@yahoo.co.jp


Mga kaibigan, kamusta na po. Magkasama po tayong mag-isip.



## ①　Tungkol sa「Wika」

Wikang hapon ang karaniwang ginagamit na salita ng mga bata kapag sila ay nasa labas. Sa loob naman ng bahay ay hikayating gamitin nila ang wika ng kanilang ama o ina, sikapin po natin na hindi makalimutan ang sariling wika.　Ang mga bata ay mag-aaral din ng kanilang sariling wika.

Ang mga nanay at tatay ay maaring makipag-usap ng mga importanteng bagay sa sariling wika sa kanilang mga anak.




Upang sa pag-uwi nila sa sariling bansa ay kaya pa rin nilang makipag-usap sa mga kamag-anak at kaibigan.


Matututunan din nila ang mga nakaugaliang kultura ng kanilang mga magulang.

Maaring sabihin na dalawang bagay ang meron siya kung dalawa ang alam niyang wika at kultura.

Importanteng <u>malaman ang konsepto ng wikang</u> ito para sa pag-aaral ng bagong wika.

**Mas madaling maiintidihan ang salitang Hapon kung alam mo ang konsepto ng salita ng sariling wika.**


| Sariling wika | Hapon |
|---|---|
| mainit⇔malamig | あつい⇔さむい |



**Konsepto ng salita**

Importanteng malaman ang konsepto ng wikang ito para sa pag-aaral ng bagong wika.

| Sariling wika | Hapon |
|---|---|
| bulaklak | はな |



Ang mga halaman ay sumisipsip ng tubig mula sa ugat para mamunga ito, maglabas ng mahalimuyak na amoy at masaganang bunga

## ②　Tungkol sa「Maayos na pamumuhay」

Ang mga guro ng paaralan ay palaging sinasabi na panatilihin ang maayos na pamumuhay.
Ngayon ang tamang oras para pangalagaan ang kalusugan ng katawan at pag-iisip ng mga bata.

Partikular na ang mga batang nakakaranas ng pagkabalisa sa labas ng tahanan, na sa pag-uwi nila sa bahay ay maayos na pakainin, makatulog ng maayos, ipahinga ang katawan at pag-iisip, at sa susunod na araw ay gumanda ang pakiramdam ay masiglang makapasok sa eskwelahan.

Ang pagtuturo ng ama･ina sa mga anak ng mga pang-araw-araw na bagay, ay isang paraan para magtiwala sa kanila ang mga bata at matutong harapin ang mga bagong pangyayari na magaganap sa kanilang buhay.

## ③　Tungkol sa「Takdang-aralin at　Pag-aaral sa bahay」

Mayroong dalawang klase ng Nihongo.

<u>Araw-araw na ginagamit na salita</u>

Pakikinig sa mga kaibigan at guro.
Salitang Hapon na ginagamit kapag gustong ipahayag ang nararamdaman.


<u>Mga salitang ginagamit sa pag-aaral sa loob ng paaralan.</u>

Mga salitang Hapon na gamit sa pag-aaral ng Wikang Hapon, Matematika, Araling Panlipunan o Agham.

Matutunan ang salitang Hapon sa pagbabasa ng mga aklat, pag-iisip at pagsusulat sa Elementarya at High School.

Para sa hangaring ito, magsasanay sa pagsusulat at pagbabasa ng Kanji sa paggawa ng mga takdang-aralin.

Magsanay ng paunti-unti araw-araw sa loob ng bahay.




Mula sa simula sa pag-aaral ng salitang Hapon, karaniwan ay inaabot ng 1～2 taon bago maiging maintindihan ang mga sinasabi ng guro. Ang mga bata ay nagsisikap ng kanilang kakayahan. Para sa mga ama･ina, hikayatin


natin sila. Makabubuti rin ang pakikipag-usap palagi sa mga anak gamit ang sariling wika tungkol sa balita sa buong mundo, kahalagahan ng kapayapaan at kapaligiran ng daigdig.

④ Mensahe na matatanggap araw-araw mula sa paaralan

Nakasaad dito ang mga programa at mga paghahanda sa loob ng paaralan.
Kung merong hindi maintindihan ay magpaturo po sa mga malalapit na kaibigan.

⑤ Sanayin ang mga bata na sarili nilang ihanda ang mga dadalhin para sa susunod na araw.

Maraming dalahin ang mga bata sa paaralan.
Ilagay sa loob ng school bag ang mga dadalhin sa susunod na araw bago matulog.
Magdala ng sariling baon sa mga araw na walang naka-schedule na rasyon ng pagkain sa paaralan.
Mainam kung malalaman ito sa nakaraang gabi.



⑥ May balak ka bang bumalik ng sariling bansa？

Madaling matututo kung marunong magbasa at magsulat sa sariling wika pagkabalik sa sariling bansa.